Kailangan mo ba ng tulong na pagkain (food relief)?

Ang Canberra Relief Network ay isang inisyatiba sa pagitan ng mga kasosyo ng komunidad sa buong ACT upang magbigay ng makolaborasyong pagtugon sa mga kahilingan para sa praktikal na tulong at mga pagsangguni sa panahon ng pandemyang COVID-19.

Ang Canberra Relief Network ay naglalayong magbigay ng pagkain, mga kailangang-kailangan sa kalinisang pansarili at pansambahayan para sa mga tao at pamilya sa ACT.

Ang tulong na ito ay makukuha ng sinumang nakararanas ng kahirapan sa pananalapi, kabilang ang mga tuwirang naapektuhan ng pang-ekonomiyang epekto ng kasalukuyang krisis.

Upang irehistro ang iyong sambahayan para makatanggap ng tulong mula sa Canberra Relief Network mangyaring tumawag sa 1800 43 11 33 o bisitahin ang www.canberrarelief.com.au

Ang inisyatibang ito ay pinopondohan ng pamahalaang ACT.